

## Ano ang dapat nating gawin?

Ang unang hakbang ay ang ganap na pagkamulat ng mga mamamayan upang mapangahas na kumilos upang harapin ang ganitong hamon sa ating kasaysayan. Sumama sa kampanya para sa katotohanan at sa ating pakikibaka laban sa ilehitimong utang!

- Mamahagi ng mga kopya ng praymer na ito upang maunawaan ang lahat ang isyu ng ZTE-NBN at ang problema ng ating bansa sa utang;
- Mag-organisa ng mga *forum*, debate, diskusyon at mga asembliya kung saan mag-uugat ang diskurso at talakayan sa pag-unawa ng mga anomalya ng ZTE deal at ng isyu ng utang;
- Maglunsad ng mga cultural na aktibidad (maliliit na konsyerto, *bar* o *school tours*, maging mga *rave parties*) para patanyagin at bigyang diin ang kampanya para sa katotohanan, katarungan at para wakasan ang mga ilehitimong utang;
- Magsimulang magkalap ng mga pirma ng mga nakampanyahan upang irehistro ang inyong boses;
- Padalhan ng sulat ang inyong kinatawan sa Kongreso at Senado at hilingin ang mga sumusunod:
  1. Isang Congressional Audit ng lahat ng utang ng gobyerno at mga contingent liabilities
  2. Pagbasura sa *automatic debt payment provisions* sa inamyendahang *Administrative Code of 1987*.

Makibahagi sa layunin na ito. Ginawa na ni Rodolfo “Jun” Lozada ang kanyang papel sa isang mahalagang tagpo ng ating kasaysayan. Ang pinakamainam at pinaka-epektibong paraan upang kilalanin ang kaniyang ginawa ay ang pagbabahagi ng parehas na katapangan at kapangahasan. Mangahas na isulong ang katotohanan. Mangahas na isulong ang katarungan. Mangahas na wakasan ang ilehitimong utang.

中兴通讯深圳总部大楼



# Ang ZTE Scandal

Isang praymer sa anomalyadong National Broadband Network Project at iba pang kahindik-hindik na ilehitimong utang at kontrata

11 Matimpiin St., Brgy. Pinyahan  
Quezon City, Philippines 1100  
Tel. No.: (632) 921-1985  
Telefax: (63 2) 924-6399  
[www.freedomfromdebtcoaliton.org](http://www.freedomfromdebtcoaliton.org)



Freedom from Debt Coalition

SSSSSSSSSS



Freedom from  
Debt Coalition

## Ano ang ZTE National Broadband Network?

Ito ay isang kontrata sa pagitan ng gobyerno ng Pilipinas at ng korporasyon ng bansang Tsina na kung tawagin ay Zhong Xing Telecommunication Equipment Company Limited (ZTE). Batay sa kasunduan, bibigyan ng panibagong pautang ang Pilipinas ng China Export Import Bank na nagkakahalaga ng \$329 milyong dolyar upang isakatuparan ang proyekto para paunlarin diumano ang imprastruktura sa ating pambansang telekomunikasyon mula munisipalidad hanggang sa pambansang mga ahensya ng gobyerno.

Ganumpaman, nadiskaril ang nasabing proyekto bunsod na rin ng matinding kontrobersya na nagsulputan mula sa isinagawang imbestigasyon ng Senado. Ang lahat ng mga pangyayaring ito ang naging batayan upang pansamantalang isuspinde ang proyekto noong Setyembre 22, 2007. Ngunit hindi rin nagtagal – bunga na rin ng walang patid na mga pagkilos ng iba't ibang mga grupo ay naobluga ang pamahalaang Arroyo na ganap nang kanselahin ang kontrata noong nakaraang Oktubre 2, 2007.




## Bakit ito ilehitimo?

Halos lahat ng aspeto para ituring na ilehitimong utang ang ZTE-NBN ay sinaklaw ng ganitong anomalya.

**Una**, walang maituturing na matinong financial analysis at plano para sa nasabing proyekto. Ang ahensyang dapat na magpapatupad nito ay bulag sa anumang pag-aaral o pananaliksik sa disenyo at sa magiging epekto nito para sa tao, at kung magiging epektibo ba ito o makakabuti para sa kaunlaran ng bansa. Ang aspetong ito ay makikita lahat sa ZTE.

**Ikalawa**, hindi bukas sa publiko ang prosesong dinaanan sa pagtatakda ng proyekto. Napatunayang hindi ito dumaan sa competitive bidding na nagresulta sa sobra-sobrang pagtatakda ng presyo nito mula sa aktwal, at dagdag pa rito, ang komisyon na makukuha ng mga opisyal ng gobyerno sa proyekto.



“Bubukol po ito.”

Si Rodolfo “Jun” Lozada, dating Chief Executive Officer ng Philippine Forest Corporation ang kinuhang tagapayo o consultant ni Neri sa proyektong ito – ang tumatayo ngayon bilang pangalawang “whistleblower” - mula sa naunang binunyag ni Joey De Venecia. Sa kasalukuyan ay nasa tanggapan na ng Senado si Jun Lozada mula sa napabalitang pagkidnap mula ng ito ay lumapag sa sinasakyang eroplano sa NAIA galing Hongkong.

Sinuportahan niya ang ilang mahahalagang salaysay ni Joey De Venecia kaugnay ng mga anomalya sa nabanggit na proyekto. Ang mga salitang “bubukol po ito” ay ilan lamang sa mga pahayag na maririnig sa kanya mula sa ginaganap na imbestigasyon ng Senado hinggil sa kung paano lantarang isinasagawa ang korupsiyon sa gobyerno.

Ang mariing pangigiit ni Abalos sa halagang \$130 milyong dolyar na komisyon sa proyekto ang nagsilbing mitsa ng kaguluhan at siyang nagbigay daan upang lalong umalingasaw ang palihim na operasyon sa ZTE-NBN. Marami ang naniniwala na ang halagang ito ay nagsisilbing “regalo” kay G. Abalos ng Malacañang hinggil sa kanyang partisipasyon sa eleksyon noong 2004 sa kasagsagan ng *Hello Garci scandal*.



## Ano ang kaugnayan ng administrasyong Arroyo sa kontrobersyang ito?

Matibay ang paniniwala na maraming kilala at maimpluwensyang tao na malapit kay Gng. Arroyo ang nagsilbing negosyador upang igawad ang kontrata sa kanilang paborableng kompanya – ang ZTE Corporation. Sa ginanap na imbestigasyon ng Senado ay inilahad ni Jose "Joey" De Venecia III, anak ni dating Speaker Jose De Venecia Jr. ang isyu ng dagdag o "sobra-sobrang" pagtatakda sa wastong halaga ng kontrata (overpricing) at ilegal na pagkuha ng komisyon (kickback). Matatandaan na si Joey De Venecia ang may-ari ng kumpanyang Amsterdam Holdings Inc. (AHI) na naunsiyaming na makakuha ng proyekto.



Ito ang mga salitang binitawan ni Joey De Venecia sa kanyang paglalahad ng mga pangyayari sa Senado. Diumano, pasigaw na sinabi ni First Gentleman (FG) Jose Miguel Arroyo ang mga salitang ito sa kanya upang ipahiwatig na huwag ng makialam at paatrasin ito sa negosasyon upang makuha ang nasabing kontrata. Agad naman lumipad palabas ng bansa si FG Mike Arroyo upang iwasan ang namumuong iskandalo at kontrobersya noong panahong ito.

**"May 200 ka dito."**

Ayon sa binigay na salaysay ni dating NEDA Director Romulo Neri sa imbestigasyon na ginawa ng Senado ay inalok siya ni dating COMELEC Chairman Benjamin Abalos ng halagang P200 milyong piso upang i-endorso ang kontrata. Si G. Abalos ay isa sa mga promotor ng proyekto at kilalang kaalyado ni Gng. Arroyo. Dagdag pa, may ilan ring impormasyon na makailang-ulit na nagpunta si Abalos sa Tsina noong nakaraang taon na kung saan ay nakinabang sa binigay na mga pabor mula sa opisyaales ng ZTE para sa kanya (cash advances, "sexcapades").

Kaugnay nito, sinabi naman ni Neri na tinawanan lamang niya ang alok na ito. At kalaunan ay mayroong mga pagpapahiwatig na inaaatras ang nauna niyang rekomendasyon na hindi pagsangayon sa kontrata.



**Ikatlo**, ang proyektong ito ay lantarang makaisang-panig. Dahil bukod sa kikitain mula sa pautang ng China Export Import Bank ay nakatali rin sa kanilang bansa ang mga pagkukunan ng lahat nang sebisyo at teknolohiya.

**Panghuli**, dahil dispalinghado ang kontrata, ang tanong: Anong matinong katwiran pa ang natitira upang ipagpatuloy ang ganitong uri ng proyekto?

Sa ngayon, dalawang broadband network na ang pagmamay-ari ng Pilipinas – ang Philippine Administrative Network Project (PANP) na may layuning gawing moderno ang sistema ng pagbibigay-impormasyon ng gobyerno, at ang Philippine Research, Education and Government Information Network (PREGINET) na may layunin namang iduktong ang mga sistema ng impormasyon ng mga institusyong pang-akademya, mga ahensya ng gobyerno, at mga institusyong sa pananaliksik.

Kaya't muli, ang tanong – kailangan pa ba ng mga Pilipino at ng bansang lubog na sa pagkakautang tulad natin nang isa pang proyektong hindi naman kinakailangan at hindi naman direktang magbibigay ng ganansya sa atin?

Sa kasalukuyan, ang utang ng gobyerno ay pumapatak na ng P3.7 trilyon kung saan ang bawat Pilipino ay pumapasang ng P42,819 sa mga utang na karamihan ay tinuturing bilang ilehitimong utang.

## Ano ang Ilehitimong Utang?


Ang ilehitimong utang ay mga bagay at kalakaran na nagpapakita o nagpapatunay ng mga kumbinasyon ng kaganapan tulad ng mga sumusunod:

- Panlilinlang at panloloko
- Hindi ganap na pagtalima sa mga demokratikong proseso o kaya'y mga legal na rekisitos
- Lantarang nagpapatunay na hindi paborableng mga kondisyones at/o mapinsalang kasunduan
- Pagbibigay pinansya para sa palpak at/o bigong mga proyekto, at mapinsalang mga proyekto na nagdulot ng matinding epekto sa kalikasan, pang-ekonomiya at sa tao
- Labis na pagtatakda sa tunay na presyo ng proyekto tulad ng paglalagay ng karagdagang mga serbisyo at kagamitan na walang direktang dagdag na halaga sa proyekto
- Polisiyang nagaambag ng mga pinsala para sa lalong pagbalewala ng karapatang pantao
- Akumulasyon ng yaman na resulta ng hindi pantay na relasyong pang-ekonomiya
- Agresibong paglalako ng pautang para sa makaisang-panig na interes na pinapapasan sa mamamayan ang kabayaran ng mga pinautang
- Transaksyong mga ilehitimong rehimen

Kami ay naniniwala na kalakhan ng mga pampublikong mga utang na ating binabayaran ay ilehitimo. Ngunit sa kabila ng katotohanang ito, patuloy pa rin ang ating gobyerno sa relihiyosong pagkilala at pagbabayad ng mga ganitong uri ng utang. Saksi tayo ngayon sa iba pang mga ilehitimong utang na kinabibilangan ng mga sumusunod:

- **Cyber Education Project (\$ 406 milyon)**
- **Austrian Medical Waste Project (P 503.65 milyon)**
- **World Bank Textbook Loan Project (\$ 100 milyon)**
- **North Luzon Railways Project (\$ 503 milyon)**
- **South Luzon Railways Project (\$ 884 milyon)**
- **Telepono sa Barangay Project (\$ 165 milyon)**
- **Philippine Merchant Maritime Academy Modernization Program (P 858 milyon)**
- **World Bank Small Coconut Farmers Development Program (\$ 121.8 milyon)**

## Bakit ito patuloy na nagaganap?



- Ang mga proyekto gaya ng ZTE-NBN ay isang malinaw na halimbawa sa patuloy na pagiral ng maling sistema sa pagsasagawa ng mga proyekto sa ating pamahalaan. At ang akumulasyon ng ganitong uri at katangian ng mga kontrata - ang lalong nagbabaon sa ating pagkalugmok sa lahat ng ating ilehitimong utang.
- Isinasakatuparan ang pagtatakda ng mga proyekto na hindi nakabatay sa ating pambansang prayoridad at pangangailangan na siyang dapat na pangunahing dahilan sa anumang proyekto ng gobyerno. Bagkus, ito ay nagsisimula at itinatakda ng mga motibasyon para sa pagkakamal ng iligal na yaman o kita ng mga opisyal ng gobyerno, dayuhang interes at maging mga pribadong korporasyon.
- Sapagkat ang kapangyarihan ng ehekutibo sa pangunguna ng kapangyahiran ng pangulo ng Pilipinas ay madalas na inaabuso bunga na rin ng kawalan ng sapat na mekanismo sa regulasyon at hindi lantad sa publiko na mga kontrata. Batid natin na hindi ito nagsimula at nagtatapos lamang sa ZTE-NBN. Kung kaya't ang pangangailangan para sa mas mahigpit na pagpapatupad, pagsangayon at pagpapahinto ay dapat nang simulan sa pinakamataas na ahensya ng ehekutibo – ang tanggapan ng opisina ng pangulo ng Pilipinas.
- Maanomalya hindi lamang ang mga kalahok sa negosasyon kundi pati na rin ang *bidding process* o proseso na kung saan ay tadtad ng kontrobersiya. Dahil maging ang mga miyembro ng pamilya, kamag-anak at kaibigan ay nagagawang makakuha ng proyekto. Ang ganitong pandarambong ay hindi dapat panatilihin, dapat na itong wakasan.
- Nagaganap ang pagiral ng kalakaran sa pagkuha ng iligal na komisyon sa bawat prosesong pinagdaanan dahil na rin sa malaganap at malalim na pagkakaugat nito sa buong kasaysayan ng sistema ng ating pamahalaan.
- Tinitiyak ng mga nagpapautang o *lenders* na umaayon ito sa sarili nilang interes. Sa katunayan, kalakhan ng mga kontratang ito ay may kaakibat na kondisyones tulad ng naganap sa ZTE-NBN na kung saan ay nakatali ang pagbili at paggamit ng teknolohiya at serbisyo mula sa kanilang sariling bansa. Dagdag pa, pinapakita lamang nito ang pagkunsinte at promosyon ng ganitong uri ng kalakaran sa pamamagitan ng pagbibigay pahintulot na magkaroon ng komisyon ang mga ahente at negosyador kasabay naman ng kanilang panunuhol upang matiyak na makuha ang proyekto. Sa kalakhan, ipinapasa nila ang sobrang halagang ito sa mga mamamayan.



## Sino ang papasan ng mga Ilehitimong utang na ito?

Walang dudang marami pang mga utang na mala-ZTE na hindi pa nabubunyag sa publiko. Ang lahat ng inutang na ito ay patuloy na binabayaran ng lahat ng Pilipino dahil ang kita at pondo na nalilikom ng gobyerno mula sa buwis at iba pang bayarin ng mamamayan taon-taon na kalakhan ay ginagamit lamang sa pagbabayad ng utang. Ang tinatawag na Automatic Appropriations Law ang batas na nagtatakda ng ganitong kalakaran.

Ninanakaw ng mga maanomalyang kasunduang ito ang mga pondong dapat sana ay inilalaan ng gobyerno para sa mga serbisyo publiko gaya ng edukasyon, pabahay at kalusugan. Isang malaking katunayan ay ang kalunos-lunos na kalagayan ng sistema ng ating edukasyon sapagkat hindi napopondohan ng sapat ng gobyerno. Sa ngayon:

- 1 sa 10 Pilipino ay hindi man lamang nakatungtong ng paaralan (6.8 milyon)
- 1 sa 6 na Pilipino ay mababa ang kaalaman sa pagbasa at pagsulat (9.6 milyon)
- 4.1 milyon ang hindi man lamang marunong bumasa at sumulat
- 11.6 milyon ang *out-of-school youth*
- Higit sa kalahati (51 porsyento) ng mga Pilipino ay nakatungtong lamang ng hanggang elementarya
- Mula sa 1000 mag-aaral ng *Grade 1*, 688 lamang ang makakatapos ng kanilang pag-aaral sa elementarya at 7 lamang ang makakapasa sa itinakdang pamantayan sa sapat na kaalaman at edukasyon

Kung mayroong bumubukol, hindi lamang ang mga komisyon at kickback ng ating mga tiwaling opisyal at gobyerno, kundi ang mas malaki, malala at patuloy na sumsidhing krisis ng kahirapan dulot ng ilehitimong utang ng bayan. Ang mga dagok na ito ay isa sa pinakamalaking dahilan ng ating kinasasadlakan.